
Tungkulin at Pamamaraan ng Tagasalin at Pagsasalin

Maraming pagkakahulugan sa pagsasalin gaya na lamang sa itinuran ni Santiago (2003), ang pagsasalin ay paraan ng paglilipat sa pagsasalinang wika ng pinakamalaking katumbas na diwa at estilong nasa wikang isasalin. Ang isinasalin ay ang diwa ng talata, at hindi ang bawat salita na bumubuo rito. Samantalang ayon sa isinaling akda ni Michael M. Coroza na “The Task of Translator”, na orihinal na akda ni Walter Benjamin, ang pagsasalin ay isang uri ng likhang sining at ang pagpapahalaga sa sining ay hindi nakasalalay sa pagbibigay kahulugan ng nilalaman nito upang makuha ang isang moral o aral mula rito. Ang anumang salin ay hindi matutumbasan ang orihinal na kayang maipabatid ng bawat orihinal na akdang isinasalin.

Dagdag pa, ang sining ay hindi nangangahulugang ito lamang ay patungkol sa pakikipagkomunikasyon, kung kaya't ipinagpalagay niya na ‘walang tulang para sa nagbabasa, walang karawan para sa tumutunghay at walang simponiyang sadya para sa nakikinig’. Samakatuwid, ang likhang sining ay hindi ginawa o sinadyang gawin para lamang sa mga mambabasa o sa mga taong makakakita at makakarinig nito.

Nag-iwan ito ng mga kataga sa akin na “totoo bang ang pagsasalin ay para sa mga mambabasang ‘di-nakauunawa?”. Ayon sa kanya, kung ang orihinal na akda ay hindi na sadyang gawin para sa mambabasa, paano pa ba maipapakita ang relasyon ng mga wika at maipapakita ang halaga nito sa mambabasa? Maraming salik ang dapat isa-alang alang bago maisalin ang isang orihinal na akda. Gaya na lamang ng kasaysayan ng panahon ng ang orihinal na akda at ang pamantayang teknikal nang ito ay isinagawa.

Sabi pa niya na ang tagasalin ay hindi dapat lubos na mabahala sa anumang pagkakahalugan ng orihinal na akda, subalit dapat maipamalas ng isang tagasalin ang ang layunin ng pagpapahayag ng kaugnayan ng mga bawat wika sa isa't isa.

Ayon naman sa isinaling akda ni Roberto Añonuevo na “On the Different Methods of Translating”, isang orihinal na akda ni Friedrich Schleiermacher, may dalawang pamamaraan ang pagsasalin. Ang unang paraan ay maaaring hayaang manahimik ng tagasalin ang may-akda hanggang posible at pakilusin ang mambabasa tungo sa kanya. Samantalang ang pangalawa naman ay maaaring pabayaang manahimik ng tagasalin ang mambabasa, hanggang posible, at pakilusin ang may-akda tungo sa kanya.

Dagdag pa niya na ang layunin ng pagsasalin ay naksalalay sa tinatayang dalawang tao at paggamit ng mga ito ng interpersonal na pag-unawa.

This study resource was
shared via CourseHero.com